Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 10 - Modyul 35:
## Pagsasalaysay Muli ng Nabasang Teksto



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Filipino – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Quarter 1 - Modyul 35: Pagsasalaysay Muli ng Nabasang Teksto
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publishers*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Tagapamahala ng mga Paaralan: Rebonfamil R. Baguio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Madilyn P. Saphlot |
| **Editor:** | Cathyrine D. Melos |
| **Tagasuri:** | Emelita F. Rey, PSDS |
| **Tagalapat:** | Ma. Gelyn G. Zerna<br>Rommel C. Villa |
| **Ilustrador:** | Madilyn P. Saphlot |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso |
| **Tagapamahala:** | |
| Chairperson: | Rebonfamil R. Baguio<br>*Tagapamahala ng mga Paaralan* |
| Co-Chairperson: | Eugene I. Macahis, Jr.<br>*Asst. Schools Division Superintendent* |
| Mga Kasapi: | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Noemie M. Pagayon, EPS – Filipino<br>Analisa C. Unabia, EPS – LRMS<br>Joan Sirica V. Camposo, Librarian II<br>Israel C. Adrigado, PDO II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:

Kagawaran ng Edukasyon-Sanggay ng Lungsod ng Valencia
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 10 - Modyul 35: Pagsasalaysay Muli ng Nabasang Teksto

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na ipadala ang iyong mga puna, komento at rekomendasyon sa pamamagitan ng email sa Kagawaran ng Edukasyon sa Region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas**

## *Ang Modyul na Ito*

Ang modyul na ito ay tatalakay sa pagsasalaysay muli ng nabasang teksto gamit ang pangungusap.

Ito ay may mga nakahandang gawain para malinang ang iyong kaalaman tungkol sa tatalakaying paksa. Sundin lamang ang mga panuto sa pagsagot sa mga ito.

Handa ka na bang matuto?



### *Mga Tala para sa Guro*

May mga piling gawain na mas mainam kung personal na maoobserbahan ng tagapagturo. Mas mapapadali ang pagkatuto sa aralin at sa mga gawain kung mayroong malinaw na gabay ng guro.



## *Alamin*

Sa pagtatapos ng modyul, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

Mga Layunin

1. Nakababasa ng kuwento, tula o balita.
2. Naisasalaysay muli ang mga nabasang kuwento gamit ang mga pangungusap.

## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na mga hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

## *Mga Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa inyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin. |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan. |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin. |
|  | Suriin | Ito ay ang pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang iyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang iyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto . |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |

## *Subukin*

Panuto: Basahin ang balita. Isalaysay muli ang nabasang balita sa pamamagitan ng mga pangungusap. Lagyan ng bilang 1-5 ang bawat pangungusap ayon sa pangyayari sa balitang nabasa.

| |
|---|
| Isang malakas na bagyo ang pumasok sa PAR o Philippine Area of Responsibility kahapon ng gabi. Nagdala ito ng malakas na hangin at ulan. Napinsala ng bagyong si Ombok ang mga pananim sa sakahan. Inanod din ang mga alagang hayop ng mga residente ng San Andres.<br>Nag-abot naman ng tulong ang iba't ibang ahensya ng gobyerno maging ang mga negosyante sa mga naapektuhang mamamayan. Lubos naman ang pasasalamat ng mga residente sa dumating na tulong. |

1. _____Nag-abot ng tulong ang mga tao.
2. _____Isang malakas na bagyo ang pumasok sa PAR.
3. _____Napinsala ang mga pananim at naanod ang mga hayop.
4. _____Dala ng bagyo ang malakas na hangin at ulan.
5. _____Nagpasalamat ang mga apektadong residente sa dumating na tulong.

Tapos ka na ba?

Nahirapan ka ba sa pagsagot sa ating unang gawain o hindi? Huwag mag-alala dahil ang modyul na ito ay makatutulong upang mapaunlad ang iyong kaalaman.

Maaari ka nang tumungo sa Aralin 3.

# Aralin 3 Pagsasalaysay Muli ng Nabasang Teksto

Ang pagbabasa ay maraming naidudulot na emosyon sa mga tao. Nagbibigay din ito ng dagdag kaalaman at kasiyahan.

May mga kuwento, balita, tula at iba pa na maaari nating basahin at ibahagi ang istorya sa ating mga kaibigan at kaklase gamit ang mga pangungusap.

Ang paksang ito ay tatalakay sa pagsasalaysay muli ng mga nabasang kuwento gamit ang mga pangungusap.



## *Balikan*

**Pangungusap** ang tawag sa grupo ng mga salita na may buong diwa o kahulugan.

**Parirala** naman ang tawag sa grupo ng salita na walang buong diwa o kahulugan.

Alin sa dalawa ang pangungusap?

1. Sa sanga
2. Umakyat ang gagamba sa sanga.
3. Ang gagamba ay maliit.
4. Ang ulan

Magaling! Ang pangungusap ay ang nasa (2) ikalawang bilang at (3) ikatlong bilang. Ito ay may buong diwa.



## *Tuklasin*

Basahin ang maikling tula.

Ang Maliit na Gagamba

Sanggunian: Landas sa Wika at Pagbasa 1

Ang maliit na gagamba,
Umakyat sa sanga;
Dumating ang ulan,
Itinaboy siya;
Sumikat ang araw,
Natuyo ang sanga;
Ang maliit na gagamba
bumalik sa sanga.

[1] Lydia Liwanag, Landas sa Wika at Pagbasa 1 (Quezon City: Dane Publishing House Inc.,2007),131.



## *Suriin*

Nagustuhan mo ba ang iyong nabasa?

______________________________________________

Ano ang ginagawa ng gagamba?

______________________________________________


Ano ang nangyari sa gagamba ng dumating ang ulan?

______________________________________________

Bakit natuyo ang sanga?

______________________________________________

Ang isang teksto ay maaari nating isalaysay muli gamit ang mga pangungusap. Mainam na gumamit ng wastong salita sa muling pagsasalaysay ng isang teksto. Isaalang-alang din ang wastong pagkakasunod ng mga pangyayari batay sa nabasang teksto. Huwag itong dadagdagan o kukulangan ng mga pangyayari.



## *Pagyamanin*

Basahin:

Tuwing umaga ay ganito ang matatanaw sa bakuran ni Mang Tomas. Umaga pa lamang ay inihahanda na niya ang kanyang mga gamit para sa paghahalaman. Dinidiligan niya ang kanyang mga tanim

na gulay. Nililinis din niya ang paligid sa mga ligaw na damo. Pagsapit ng tanghali saglit siyang magpapahinga bago kumain ng tanghalian kasama ng kanyang pamilya. Tuwing hapon naman ay masaya niyang inaalagaan ang kanyang mga kambing.

Gawain 1:

Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang pangungusap na nagsasalaysay ng tekstong binasa at ekis (X) kung ang pangungusap ay wala sa nabasang teksto.

___1. Sa umaga ay inihahanda niya ang kanyang mga gamit sa paghahalaman.

___2. Dinidiligan niya ang mga tanim na gulay sa umaga.

___3. Mabilis magmaneho si Mang Tomas.

___4. Umaga hanggang gabi ay nagtatrabaho si Mang Tomas at hindi nagpapahinga.

___5. Masayang inaalagaan ni Mang Tomas ang kanyang mga alagang kambing.

Gawain 2:

Panuto: Isalaysay muli ang nabasang kuwento sa pamamagitan ng pagsulat ng 3-5 na pangungusap.

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________


___________________________________________________________

___________________________________________________________



## *Isaisip*

Dapat tandaan na sa muling pagkakasalaysay ng kuwento gamit ang pangugusap, mahalaga na tugma ito sa pagkakasalaysay sa tekstong binasa. Walang dagdag o maling detalye ang ilalagay sa muling pagsasalaysay nito.



## *Isagawa*

Basahin ang maikling kuwento.

Nagmamadaling umuwi si Carlo. Sabik siya na makauwi dahil gusto niyang makalaro ang alagang aso.

Hindi niya napansin na may balat ng saging sa daan. Naapakan niya ito. Nadulas siya at nasugatan sa ulo. Nakita siya ng kanyang guro na may sugat sa ulo. Dali-dali siyang dinala sa klinika upang magamot ang sugat niya.

Panuto: Muling isalaysay ang kuwento gamit ang mga pangungusap sa ibaba. Lagyan ng bilang 1-4 ang mga patlang ayon sa kuwentong nabasa.

__ Dinala siya sa klinika upang magamot.

__ Nadulas si Carlo at nasugatan.

__ Nagmamadali si Carlo sa pag-uwi.

__ Naapakan ni Carlo ang balat ng saging sa daan.



***Tayahin***

Basahin ang kuwento.

**Ang Bibe sa Batis**

Madilyn P. Saphlot

Masayang naglalaro ang bibeng si Baba sa batis. Sabik na sabik siyang manood sa mga tutubi na lumilipad. Masaya naman niyang minamasdan ang mga bubuyog na sumasayaw sa hangin.

Tuwang-tuwa din siya na nakatingala sa mga paru-paro na palipat-lipat sa mga bulaklak. Masaya siya ngunit naiinggit sa kanila.

Sa di kalayuan ay matatanaw ang mga kalapati na panay kantyaw kay Baba Bibe, “Ang pangit ni Baba Bibe. Malapad ang mga paa niya at mababa pa ang lipad niya.”

Tahimik na tumalikod si Baba Bibe at dahan-dahang naglakad papalayo sa mga nangungutyang kalapati.

“Tulong! Tulong!’’ sigaw ni Pati Kalapati. Walang magawa ang mga kalapati kundi pagmasdan ang kaibigan na unti-unting nilalamon ng batis.

Nakita ni Baba Bibe na nalulunod na si Pati Kalapati sa batis. Dali-daling tumakbo si Baba Bibe patungo sa batis upang tulungan ang nalulunod na si Pati Kalapati.

Hiyang-hiya si Pati Kalapati sa ginawa at humingi ng tawad kay Baba Bibe.

Panuto: Muling isalaysay ang kuwento gamit ang mga pangungusap sa ibaba. Lagyan ng bilang 1-5 ang mga patlang ayon sa kuwentong nabasa.

_____1. Nalunod si Pati Kalapati sa batis.

_____2. Hiyang-hiya si Pati Kalapati sa pangungutya kay Baba Bibe at humingi siya ng tawad.

_____3. Pinagtawanan ng mga kalapati si Baba Bibe dahil sa itsura nito.

_____4. Masayang naglaro si Baba Bibe malapit sa batis habang nanonood sa mga tutubi, bubuyog, at paru-paro.

_____5. Tinulungan ni Baba Bibe ang nalulunod na si Pati Kalapati.

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Bumasa ng maikling kuwento o balita sa dyaryo at isalaysay muli gamit ang mga pangungusap.

## ***Susi sa Pagwawasto***

| Subukin |
| --- |
| 1.4 |
| 2.1 |
| 3.3 |
| 4.2 |
| 5.5 |

| Pagyamanin |
| --- |
| 1./ |
| 2./ |
| 3.x |
| 4.x |
| 5./ |

| Isagawa |
| --- |
| 1.4 |
| 2.3 |
| 3.1 |
| 4.2 |

| Tayahin |
| --- |
| 1.3 |
| 2.5 |
| 3.2 |
| 4.1 |
| 5.4 |

## *Mga Sanggunian:*

Buenaventura, Ligaya C., and Policarpio B. Peregrino. Ang Alpabeto . Balarila. Philippines: Phoenix Publishing House, 1989.

Liwanag, Lydia. Landas sa Wika at Pagbasa 1 Textbook. Quezon City: Dane Publishing House Inc. 2007.

Para sa anumang katanungan o puna, maaring ipadala sa pamamagitan ng sulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon- Sangay ng Lungsod ng Valencia

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615